# MAHIWAGANG PATOTOO SA MULING PAGBANGON NG IGLESIA NI CRISTO

- Elias Arkanghel

## DANIEL 9

24 "Ang lunsod na ito at
ang iyong mga kababayan ay
binibigyan ng 490 taon upang
tigilan ang pagsalansang, la-
yuan ang kasamaan at pagsisi-
han ang kasalanan. Pagkata-
pos, iiral na ang katarungan
at magaganap na ang kahulu-
gan ng pangitain. Itatalaga na
ang Dakong Kabanal-banalan.
25 Unawain mo ito: mula sa
pagkabigay ng utos na muling
itindig ang Jerusalem hang-
gang sa pagdating ng prinsi-
peng hinirang ng Diyos ay
lilipas ang apatnapu't siyam
na taon. Muling itatayo na
ang Jerusalem. Aayusin ang
mga lansangan at muog at ma-
nanatiling gayon sa loob ng
434 taon. Ngunit ang pana-
hong iyon ay paghaharian ng
kaguluhan. 26 Pagkalipas ng
434 taon, isang hinirang ng
Diyos ay papatayin. Ang lun-
sod ng templo'y wawasakin
ng hukbo ng isang makapang-
yarihang hari. Ang pagkawa-

Ang taong 2011 ang katuparan ng panahon na hinihingian tayo ng ganap na pagbabagong-buhay. Ibig sabihin iginagayak na tayo sapagkat malapit ng maganap ang binabanggit sa Biblia na KAWASAKAN! (WASAK) Hindi pa ang KAWAKASAN (WAKAS) ... sapagkat nilinaw sa Banal na Kasulatan ang pagparito ng ating Panginoong Jesu-Cristo daratnan Niya ang mga hinirang Niya, sakdal na, walang batik, at walang kapintasan. Samantalang kung darating Siya sa hindi inaasahang araw.. walang makapagsasabi sa Panginoong Diyos at sa Panginoong Jesu-Cristo sa pagkakataong yaon, na siya ay sakdal na at wala ng anumang kapintasan. Baka isipin na matagal pa pala at gagawa muna ng pagkakasala at hihingi na lang ng tawad. Ganun ba yun? Tinutukso ang Banal na Espiritung paniwalaan siya para magtamo siya ng kapatawaran sa paulit-ulit niyang paggawa ng kasalanan? Di ba nila alam ang hatol ng Panginoong Diyos ay hindi na maghihintay ng takdang araw ng paghuhukom? Lalo na kung ang isang indibidwal na kapatid ay ibig na Niyang hatulan kung lumalabis na ang kasamaan at ipinangangalandakan pa sa iba ang masama niyang pinaggagawa, na hindi pa darating sa kanya ang kamatayan lalo na mapera siya may pampa-ospital, maimpluwensyang tao, may kapangyarihan at kayang-kaya niyang bayaran ang anumang kanyang magiging sa mga tao ay pananagutan. Ano bang pagpapasya ng Panginoong Diyos? Siya ba ay nagtatangi? (Job) 34: 19 Siya ang lumikha sa sangkatauhan, kaya walang itinatangi, mahirap man o mayaman. 20 Sa isang kisap-mata, ang tao'y mamamatay, ang hampasin ng Diyos, bigla na lamang papanaw kahit siya'y malakas o makapangyarihan. 23 Hindi na kailangan ng Diyos na magtakda ng panahon, upang ang tao'y lumapit sa kanya at gawaran ng hatol. Kaya lalo ng higit na kailangan ng tao ang ganap na pagbabagumbuhay ngayon, hindi bukas o sa susunod na araw na lang! Bakit kailangan? Dahil sa kawasakang magaganap anumang oras na itakda na ito ng Panginoong Diyos na maganap. Darating ito sa hindi inaasahang pagkakataon. Ang daigdig ay luluray-lurayin na parang damit na basahan.

Ngunit bago natin lawakan ang pagpapaksang usapan patungkol sa kawasakang binabanggit ay pagtuunan muna natin ng pansin ang mga ipinauunawa sa atin ng Banal na Espiritu sa pag-aaral na ating gagawin.

1521 patotoong taon na kinilala sa buong mundo na pasimula ng pagkakatala sa kasaysayan ng mga pulo ng dagat na binabanggit sa Biblia. Ang bansang Pilipinas ang naging katuparan. Mahalaga ang taong 1521 sa mga kababayan natin, lalo na sa atin sapagkat sa mga panahong ito, niloob na ng Panginoong Diyos na maitawid sa mga taong nadatnan sa kapuluan, at maipabatid ang nilalaman ng BIBLIA. Kaya sa pamamagitan nito naimulat ang kamalayan ng mga tao patungkol sa Kristyanismo. Ito ang napaka-mahalagang naiambag ng bansang Espanya ng sila ay makarating sa ating pulo. Lumaganap ang Kristiyanismo ayon sa doktrina at aral na itinataguyod ng bansang Espanya sa Pilipinas. Pinamahalaan tayo ng kanilang bansa sa loob ng 333 taon.

PAHAYAG sa DANIEL talata 25: May ipinauunawa mula sa pagkabigay ng utos na muling itindig ang Jerusalem. Ang taon na naisakatuparan ito, ay July 27, 1914. Hanggang sa pagdating ng prinsipeng hinirang ng Panginoong Diyos ay lilipas ang 49 na taon. Natupad na, ngunit mananatiling lihim ang taon na pinatutungkol sa Kinauukulan na binabanggit.

("MAPALAD KA KAPATID KUNG AKO AY MAY ISA, IKAW AY MAY DALAWA!" – Tay) (Di pa pinahihintulot na maipaunawa dito) Kaya sa kabuuan mula taong 1914 na lilipas ang 49 na taon. 1914 + 49 = 1963 Ito ang taon ng kamatayan ng Kapatid na Felix Y. Manalo at taon naman ng paghalili ng Kapatid na Erano G. Manalo.

Pagkalipas ng 434 ay paghaharian na ng kaguluhan. Ito ay nagpapatuloy hanggang ngayon sa mga taong ito ng 2015 hanggang 2016 ... Ang kaguluhang ito ay bunga ng pagdating ng STF (Special Task Force) na binuwag ng Kapatid na Erano G. Manalo ... at ngayon ibinalik sa IGLESIA ang hukbong ito, na inaatasan ng naghahari-harian ngayon sa Templo. Parang bahang isinambulat niya ang Kapayapaan ng IGLESIA na pinangalagaan ng Kapatid na Erano G. Manalo. Dinidigma niya ngayon ang lahat ng kakalaban sa kanya. Ang pinunong ito na binabanggit ay makikipagkasundo sa makapal na tao sa loob ng pitung taon na binabanggit. Nagsimula siya ng kanyang masamang plano ng papagpahingahin na ng Panginoong Diyos ang Kapatid na Erano G. Manalo taong 2009. Kaya 2009 + 7 years = 2016 (hanggang Abril)

pinsala ng una (July 27, 1914) at ikalawang digmaan (September 1, 1939) ay aayusin ang mga lansangan at muog, hanggang ang MAHIWAGANG PATOTOO SA MULING PAGBANGON NG IGLESIA NI CRISTO ay nagpapatuloy sa kaganapan hanggang sa kasalukuyan. Kaya ang 434 na taon mula taong 1521. 434 +1521 = 1955 kapanganakan naman ng Kapatid na Eduardo V. Manalo. Gaya ng ipinaunawa ang panahong yaon ay paghaharian ng kaguluhan. Ngunit ang nakatatawag ng pansin sa ipinagpauna sa talata ISANG HINIRANG NG DIYOS ANG PAPATAYIN? SINO? (Sa Ika-Limang bahagi .. ABANGAN..)

Ang lunsod na binabangit, simbolikal ang Jerusalem ang binabanggit. Ngunit. sa Espirituwal ito ay napatutungkol sa pinaka Sentrong Dako kung saan naroroon ang Pamamahala ng IGLESIA NI CRISTO ngayon, sa ating panahon, ang CENTRAL.

ANONG BANSA ANG GINAWANG PINAKA-SENTRO O CENTRAL SA ESPIRITUAL?

(Ezekiel) 5: 5 Sinabi ng Panginoong Yahweh, "ANG LUNSOD NG
JERUSALEM AY GINAWA KONG PINAKASENTRO NG MGA BANSA. 6 Ngu-
nit nilabag niya ang aking Kautusan at mga tuntunin. Nagpakasama siya
nang higit pa sa mga bansa sa kanyang paligid. Tinalikuran nga niya ang
aking Kautusan at iniwan ang aking mga tuntunin. 7 Kaya, ganito ang sabi-
hin mo sa kanila: Dahil sa kaguluhan mong higit pa sa bansa sa inyong
paligid, sa pagtalikod ng mamamayan mo sa aking mga tuntunin at Kautu-
san, at sa inyong paglakad ayon sa tuntunin ng mga bansang iyon, 8 AKO

ANG BAHAGING ITO AY MABABASA SA TAGAPAGTANGGOL NG IGLESIA NI CRISTO ... ( I, II, III, at IV ) SA

www.iglesianicristohinirang.wordpress.com